BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Hunyo 18, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Simula ngayong Hulyo, Distrito ng Hangin, mag-aalok ng $1500 para i-scrap ang mga lumang sasakyan sa pamamagitan ng Programang Pag-buy Back ng Sasakyan

Mga sasakyang 1998 at mas luma, kwalipikado

SAN FRANCISCO – Simula sa Hulyo 1, 2024, mag-aalok ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng $1,500 sa mga residente ng Bay Area para mapaganda ang kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pag-scrap sa kanilang mga sasakyang 1998 at mas luma pa sa pamamagitan ng Programang Pag-buy Back ng Sasakyan.

Babayaran ng nasabing programa ang mga may-ari ng mga mas lumang sasakyang nagdudulot ng polusyon at maliliit na truck para boluntaryo nilang iretiro ang kanilang mga sasakyan. Walang makabagong teknolohiya sa pagkontrol ng emisyon ang mga mas lumang sasakyan, kaya mas matindi ang naidudulot na polusyon ng mga ito kaysa sa mga mas bagong modelo.

“Ang transportasyon ay isang pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa Bay Area,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa Programang Pag-buy Back ng Sasakyan, mabibigyan ang mga residente ng incentive na i-scrap ang mga mas lumang sasakyang nagdudulot ng mas matinding polusyon para mapaganda ang kalidad ng hangin sa rehiyon at mabawasan ang mga emisyong nagpapainit ng klima. Ang programa ay isa ring instrumento sa pagkamit ng katarungan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga emisyon sa mga komunidad malapit sa mga freeway at lugar na maraming sasakyan, na lubos na apektado ng mga pinagmumulan ng polusyon.”

Kasama sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa Programang Pag-buy Back ng Sasakyan ang sumusunod:

- 1998 o mas luma dapat ang modelo ng sasakyan
- Nakarehistro dapat bilang napapatakbo at namamaneho ang sasakyan sa kasalukuyan
- Nakarehistro dapat ang sasakyan sa Bay Area sa nakalipas na 24 na buwan
- Dapat sumailalim at pumasa sa pagsusuri para sa smog ang mga sasakyan sa loob ng 60 araw pagkatapos ng pag-aatas ng pagsusuri para sa smog

Binabawasan ng programa ang mga pollutant sa hangin mula sa exhaust ng sasakyan, kasama ang mga pinong particle at precursor ng ozone, na siyang mga pangunahing sangkap sa smog. Ang mga pollutant na ito ay puwedeng magdulot ng mga sakit sa baga, at magresulta sa mas maraming pagkamatay. Sa pagreretiro ng mga mas lumang sasakyan, mababawasan din ang carbon dioxide, na isang matapang na greenhouse gas na puwedeng magresulta sa pagbabago ng klima.

Mula noong 1996, nakapagretiro na ang Programang Pag-buy Back ng Sasakyan ng Distrito ng Hangin ng mahigit 95,000 sasakyan, van, pickup truck, at SUV. Para sa bawat sasakyang may modelong mas luma sa 1998 na naaalis sa mga kalsada ng Bay Area, tinatayang 75 libra ng polusyon sa hangin ang napipigilang ma-emit sa hangin taun-taon.

May pinapatakbo ang Estado ng California na isang kaugnay na programa na nag-aalok sa mga kwalipikadong consumer ng mga opsyon sa pagreretiro ng sasakyan para sa mga sasakyang hindi makakapasa sa pagsusuri para sa smog. Makakakita ng higit pa tungkol sa Programa ng Tulong sa Consumer sa www.bar.ca.gov/consumer/consumer_assistance_program.

Para matuto pa tungkol sa programang Pag-buy Back ng Sasakyan, bumisita sa www.baaqmd.gov/vbb.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Kumonekta sa Distrito ng hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*